# Isang Iglesyang Nadaya Ng Sanlibutan

Si Jesus Cristo, na Kanyang Anak, at ibinigay sa amin nang walang bayad ang lahat ng bagay kay Cristo. Nagpapasalamat po kami sa Iyo, Panginoon, para sa mga pribilehiyo na naipagkaloob sa amin nitong dakila't pinakamataas na Hain na ibinigay ni Jesus para sa amin sa Kalbaryo, na ipinagkasundo kami nito pabalik sa pakikipagkaisa at pagkakaroon ng biyaya mula sa Iyo, nang sa gayon ay makamtan namin ang kasiyahang ito na malaman na nasusulat, "Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang Aking Mga Salita sa inyo, ay maaari ninyong hilingin ang anumang inyong ibigin, at gagawin sa inyo." Ngayon, kami'y labis na nagpapasalamat dahil dito, at dumadalangin na Iyo nawang pagkalooban kami ng pananampalataya upang sampalatayanan iyon ng lahat ng nasa amin.

2 Ngayon ay hayaang isantabi namin, Panginoon, ang bawat hirap ng araw, bawat alalahanin sa buhay na ito, magmula sa tagalinis hanggang sa pastor, na wala nang anumang bagay sa aming mga isipan ngayon, kundi ang maghintay, taimtim na makinig sa Espiritu Santo na mangusap sa amin, upang makaganap kami ng bagay na mabuti, upang mas lalo Ka pa naming makilala, sa pamamagitan ng aming pagtitipon nang sama-sama. Sapagkat, Panginoon, tunay nga na iyon ang dahilan kaya kami ay naparito sa mainit na araw na ito. Mangusap Ka po sa amin sa pamamagitan ng Iyong buhay na Salita, at ipahintulot na manahan sa amin ang buhay na Salita at manatili sa amin, upang kami ay maanyuan at mahubog, hindi sa sanlibutan, kundi mag-iba sa pamamagitan ng pagbabago ng aming espiritu, tungo sa anyo ng Anak ng Diyos. Oh, nanginginig ang aming mga puso kapag naiisip namin, at nag-uumapaw ang kaligayahan sa aming mga kaluluwa, na malaman na kami ay maaaring matawag na mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Nakatayo kami sa pinaka bungad na ng Kanyang ikalawang Pagparito, at nagsisipanginig na ang lahat ng mga bansa at mga kaharian sa ilalim ng aming mga paa, ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan ay nangaglalaho na, ngunit nalalaman na balang araw ay paririto Siya at dadalhin kami sa isang Kaharian kung saan wala nang katapusan, o, hindi iyon kailanman matitinag. At ang isipin na kami ngayon ay ang—ang mga mamamayan ng Kahariang iyon! O Diyos, tuliin Mo po ang aming puso at mga pakinig ngayon, ng—ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig ng Salita. Sapagkat

hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan at para sa Kanyang kaluwalhatian. Amen.

3 Nais kong talakayin ang paksa ngayong umaga. Dahil, mangungusap sana ako tungkol sa isang bagay na medyo naiiba kung magkakaroon ng isang gawaing ukol sa pagpapagaling, pero ipinaalam namin na ang mga prayer card ay ipamimigay ng alas-otso, hanggang alas-otso y medya o alas-nuwebe. At ako lamang ay...Dumating si Billy sa bahay ilang minuto pa lang ang nakakalipas at sinabi niya na halos walang naririto, kaya hindi siya namigay ng mga prayer card. Kaya tayo'y...Naisip ko na talakayin ang tekstong ito, bilang isang pagtutuwid sa iglesya. At gusto kong mangusap tungkol sa paksa ng: *Isang Iglesyang Nadaya, Ng Sanlibutan*. Nais kong bumasa ng ilan ngayon mula sa Aklat ng Mga Hukom, sa ika-16 na kabanata, umpisa sa ika-10 talata.

> *At sinabi ni Delilah kay Samson, Narito, pinaglaruan mo ako, at pinagbulaanan mo ako: isinasamo ko ngayon sa iyo, na saysayin mo sa akin, kung* saan ka *matatalian.*
>
> *At sinabi niya sa kaniya, Kung* iyong *tatalian lamang ako ng mga bagong lubid na hindi pa nagagamit, ay hihina nga ako, at magiging gaya ng alinmang tao.*
>
> *Sa gayo'y kumuha si Delilah ng mga bagong lubid at itinali sa kaniya, at sinabi sa kaniya, Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson. At ang mga bakay* ay *nangasa silid sa loob. At pawang pinatid niya sa kaniyang mga bisig na parang* mga sinulid.
>
> *At sinabi ni Delilah kay Samson, Hanggang dito'y pinaglaruan mo ako, at pinagbulaanan mo ako: saysayin mo sa akin kung* saan ka *matatalian. At sinabi niya sa kaniya, Kung iyong hahabihin...*ang *pitong tirintas sa aking ulo, ng hinabing kayo.*
>
> *At kaniyang pinagtibay* sa mga tulos, *at sinabi sa kaniya, Narito na* sa *iyo ang mga Filisteo, Samson. At siya'y gumising sa kaniyang pagkakatulog, at binunot ang* mga tulos *ng* mga panghabi, *at ang hinabi.*
>
> *At sinabi niya sa kaniya, Bakit nasasabi mo, na iniibig kita, sa bagay* ang *iyong puso ay hindi sumasaakin? pinaglaruan mo akong makaitlo, at...isinaysay sa akin kung saan* namamahinga *ang iyong dakilang kalakasan; at hindi mo isinaysay sa akin kung saan nagpapahinga ang iyong dakilang kalakasan.*
>
> *At nangyari, nang kaniyang igiit araw araw, at kaniyang ipilit sa kaniya, na ang kaniyang loob ay naligalig sa ikamamatay;*
>
> At *isinaysay niya sa kaniya ang kaniyang buong taglayin sa kaniyang puso, at sinabi sa kaniya, Walang*

*pangahit na nagdaan sa* aking *ulo; sapagka't ako'y naging Nazareo sa Dios mula sa tiyan ng aking ina: kung ako'y ahitan, hihiwalay nga sa akin ang aking lakas, at ako'y hihina, at magiging gaya ng* ibang *tao.*

*At nang makita ni Delilah na sinaysay sa kaniya ang buong taglayin niya sa kaniyang puso, ay nagsugo siya at tinawag…ang mga pangulo ng mga Filisteo, na sinasabi, Ahunin pa ninyong minsan, sapagka't* isinaysay *niya sa akin ang buong taglayin niya sa kaniyang puso.* At *inahon siya ng mga pangulo ng* Filisteo, *at* naghanap *ng salapi,* o *nagdala ng salapi* sa kaniyang *kamay.*

*At pinatulog niya siya sa kaniyang mga tuhod; at nagpatawag siya ng isang lalake, at inahit* niya *ang pitong tirintas sa kaniyang ulo; at…pinasimulan na pighatiin siya, at ang kaniyang lakas ay nawala.*

*At sinabi niya, Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson. At siya'y gumising sa kaniyang pagkakatulog, at sinabi, Ako'y lalabas na gaya ng dati, at ako'y magpupumiglas. Ngunit hindi niya talos na ang* PANGINOON *ay humiwalay* na *sa kaniya.*

4 Ngayon nais kong basahin, bilang isang teksto para sa paksang ito, na matatagpuan sa Aklat ng Apocalipsis, sa ika-2 kabanata, umpisa sa ika-21 at ika-23 mga talata.

*At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi sa kaniyang* mga pakikiapid; *at siya'y ayaw magsisi.*

*Narito, akin siyang iraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking* mga kapighatian, *maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kanilang mga gawa.*

*At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa.*

Dagdagan nawa ng Panginoon ng Kanyang mga pagpapala ang pagbasa ng Kanyang Salita.

5 Si Samson, na malaki ang pagkakatulad sa iglesya, ay nagsimula noon nang tama. Nagsimula siya sa tamang direksyon. Nagsimula siya, at tinawag na isang magiting na mandirigma. Nagsimula siya, na naglilingkod sa Panginoon, sa pamamagitan ng pag-iingat sa Kanyang mga Salita at pagtupad sa Kanyang mga Utos. At iyon ay para bang ang iglesya. Nagsimula ito, na gaya ng sinasabi natin, bilang isang kasabihan ng mundo, nagsimula sa tamang hakbang. Nagsimulang tuparin

ang mga Utos ng Panginoon. At hangga't sumusunod si Samson sa Panginoon, ay ginamit ng Panginoon si Samson.

6 Sapagkat, magagawang ingatan ng Diyos ang sinuman at gamitin ang sinuman na susunod sa Kanya, sapagkat tungkulin iyon ng Diyos. Subalit kapag lumihis tayo, palayo sa mga bagay ng Diyos, kung magkagayon ay hindi na tayo magagamit pa ng Diyos. Kung lalakad tayo nang matapat ayon sa mga Utos ng Diyos, kung tayo'y mananatili sa mga pahina ng Biblia at sasamba sa pamamagitan ng nasusulat na Salita, sasambahin Siya sa Espiritu at sa Katotohanan ng Salita, kung gayon ay magagamit ng Diyos ang sinumang indibidwal. Ngunit kapag pinili nilang lumihis para sa iba pang bagay, kung gayon ay hindi na magagamit pa ng Diyos ang taong iyon.

7 Kaya, si Samson ay isang—isang napakagandang larawan ng iglesya ng panahong ito. Nang magsimula noon ang iglesya, nagagamit ng Diyos ang iglesya, dahil ang iglesyang iyon ay masigasig na lumalakad ayon sa mga Utos ng Panginoon, iniingatan ang lahat ng Kanyang mga batas at Kanyang mga tuntunin, at ginawa ang lahat ng Kanyang mga Utos. At ang Diyos ay sumasa iglesya noon. Subalit para bang may isang humihinang dako na sa kalagitnaan ng iglesya.

8 Tandaan n'yo, wala tayo sa isang piknik, kundi tayo'y nasa isang dako ng labanan. Sadyang akala ng maraming tao na kapag naging Cristiano na sila ay iyon lang ang kailangan nilang gawin, na tapos na roon magpakailanman, dahil Cristiano na sila at ang lahat ay magiging madali na. Huwag na huwag n'yong ipapasok sa isipan n'yo iyan. Sapagkat, ako'y naging isang Cristiano upang makipaglaban, makipaglaban sa mabuting pakikipaglaban ng pananampalataya. Naging isang Cristiano ako, para pumaroon sa mga hanay ng labanan. Tayo ay mga Cristianong sundalo, at kailangan nating mabigyan ng pagsasanay at lumago, at alamin ang lahat ng mga taktika ng kalaban, para malaman kung papaano tumibay, para malaman kung papaanong—makipaglaban sa labanan. At magagawa lamang natin iyon kung ihahayag iyon sa atin ng Espiritu Santo. Hindi natin maaaring gamitin ang sinasabi sa atin ng kung sinong ibang bansa kapag makikipagdigma tayo, ang ilan sa kanilang mga ideya. Kundi dapat nating gamitin ang sarili nating mga ideya, sa paraan na pangungunahan tayo ng Espiritu Santo, at kung ano pa mang mga ideya na ibibigay Niya sa atin, dahil Siya ang Punong Komandante ng hukbo ng mga Cristiano.

9 Gumawa ng mabuti si Samson, isa siyang dakilang tao noon hanggang sa siya ay nagsimulang, nagsimulang para bang (kung tatawagin natin ito'y) maging pasaway, hanggang sa nagsimula na siyang umalis sa kanyang sariling teritoryo. At tumakbo noon nang mabuti ang iglesya, at naging maayos naman noon hanggang sa ito ay nagsimula nang umalis sa kinalalagyan nito. Si Samson ay nagsimulang makipagharutan. At hindi nga

mga babaeng Israelita ang kaharutan niya, nagsimula siyang makipagharutan sa mga babaeng Filisteo.

10 At iyon ay parang katulad na rin ng ginawa ng iglesya. Hindi kailanman ito nagsimulang umibig sa sariling kanya, nakisama ito sa mga di-mananampalataya at nagsimulang makipagharutan sa mga di-mananampalataya. Doon natin nagawa ang ating napakalaki, at isa sa pinakamalalaking pagkakamali, ay noong nagsimulang gumawa ang iglesya ng mga bagay na hindi tama. Nagsimula itong mapahalo, katulad noon ni Samson, sa masamang kasamahan.

11 Si Samson, hangga't nasa kasamahan siya ng mga tao ng Panginoon, ay mabuti ang kanyang ginawa. Ngunit noong nakipaglaro na siya sa masamang kasamahan, nang magkagayo'y nalagay na siya sa gulo.

12 At ganoon din 'yun sa iglesya. Noong sumusunod ang iglesya nang taimtim at araw-araw sa pangunguna ng Espiritu Santo, ay pinagpala sila ng Diyos, at may kalakip na mga himala at mga tanda at mga kababalaghan ang iglesya. Subalit noong nagsimula na itong makisama sa masamang kasamahan, kasama ng sanlibutan! Isa sa mga pinakamasamang bagay na ginawa nito, at ang mga unang bagay na ginawa nito, ito ay nagsimulang mag-organisasyon, sinira ang pagkakapatiran sa ibang mga mananampalataya, dahil nalaman nila na naorganisa pala ang mga bansa. Ngunit ang dakilang Ebanghelyong ito ay hindi nakalaan sa iisang bansa o iisang bayan. Ito'y nakalaan sa "sinumang may ibig, siya ay pumarito," lahat ng mga bansa, mga angkan, mga wika, at bayan. Hindi kailanman itinalaga ng Diyos para sa atin na maglagay tayo ng mga hangganang guhit.

13 Ngunit gusto ng mga tao na maging katulad, nagkukumparahan sila, o naggagayahan, tumutulad sa—sa ginagawa ng sanlibutan, sinasabi ang mga bagay na sinasabi nila, magtatagumpay sa paraan kung paano sila noon nagtagumpay. Hindi tayo kailanman maaaring magtagumpay na ginagawa ang anumang bagay na ginagawa ng sanlibutan. Magiging matagumpay lamang tayo hangga't sumusunod tayo sa mga palatuntunan ng Diyos at sa Kanyang pamamaraan ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay. Hindi tayo kailanman magiging matagumpay, sa pagtulad sa sanlibutan. Kung nakamtan man ng kumpanya ng sigarilyo ang pinakamalaki nilang tagumpay sa pamamagitan ng telebisyon, at nakamtan ng mga tagagawa ng beer at whiskey ang malaki nilang tagumpay sa pamamagitan ng kontribusyon ng telebisyon, hindi 'yun palatandaan na magtatagumpay rin ang iglesya sa pamamagitan ng telebisyon. Ang tagumpay ng iglesya ay nakasalalay sa pangangaral ng Ebanghelyo, ng Kapangyarihan ng Diyos, at ng pagpapamalas ng Espiritu. Hindi natin maaaring sabihin na dahil lang sa nagawa ng telebisyon ang *ganito-at-ganoon* para sa kumpanya ng sigarilyo at sa—at sa iba pang mga kumpanya!

Wala tayong anumang Kasulatan upang sikaping makigaya sa mga taong iyon. At hangga't ginagawa natin, maaaring makahikayat tayo ng napakalaking bilang ng mga tao, subalit hindi iyan ang itinalaga ng Diyos na gawin natin. Iniisip natin na dahil lang sa mararangya tayo, matayog ang lipad, malalaking organisasyon, nagsasagawa ng iba't ibang magagarbong mga bagay, na 'yon ay isa nang tagumpay. Unti-unti na nga tayong namamatay araw-araw nang nakatayo, kung sa espirituwal na pananalita! Kung tumindig man tayo na sampung milyon karami ang bilang sa umagang ito, at hindi natin kasama ang Espiritu Santo, mas maigi pa sa atin na tumindig tayong sasampu lang ang dami natin na kasama naman ang Espiritu Santo. Hindi tayo maaaring makitulad sa sanlibutan.

14 At isa sa mga unang bagay, ay, nagsimulang mag-organisa sa kanilang sarili ang iglesya. Ang unang organisasyon ay ang simbahang Katoliko, at pagkatapos ay dumating ang iglesyang Lutheran. Noong nag-organisa sila sa simbahang Katoliko upang gawin itong isang organisasyon, isang araw ay nagkaroon ng isang sigaw, "Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson," at pinatid ni Samson ang mga tali ng mga gapos ng simbahang Katoliko, at lumabas si Martin Luther kasama ang mga organisasyon.

15 Pagkatapos ay ginapos nila ang iglesya ng panibagong tali, gaya ng ginawa ni Delilah. At nagsimula silang. . .sa halip na magkaroon ng taong tinawag ng Diyos, tao na mga tinawag ng Espiritu Santo; na marahil ay hindi alam ang kanilang mga ABC, ngunit kilala nila si Cristo. Pagkatapos ang iglesya ay naging makabago na, at sumunod na sa impluwensiya ng pulitikong mga tagapagsalita. At kailangan na nilang bigyan ang kanilang mga mangangaral ng "digri ng pagkadoktor," ang lahat ay kailangan nang maging isang Doktor ng Dibinidad. Panibago na namang tali iyon para ipanggapos sa iglesya. Humahayo ang mga kalalakihan at nagsisipag-aral, sinisikap ng bawat seminaryo na magkaroon ng mas mahusay na iskolar para makapagyabang ang kanilang mga iglesya, "Ang pastor namin ay isang Doktor ng Dibinidad." At ano'ng ginawa nila? Ang isa ay nagsisikap na magkaroon ng higit na kaalaman kaysa dun sa isa. Buweno, 'yan ay walang anumang kabuluhan sa paningin ng Diyos.

16 At hindi na kailangan para sa sinumang tao na magsumikap na gamitin ang kanyang kaalaman na pansanlibutan at malulugod ang Diyos dito. Karumal-dumal ito sa paningin ng Diyos! Hindi n'yo kailanman malulugod ang Diyos sa inyong pansanlibutang mga ambisyon at kaalaman, dahil "ito'y pakikipag-away sa Diyos," sabi ng Kasulatan. Hindi Siya malulugod diyan.

17 At sinisikap ng bawat isa na magkaroon ng lahat ng kaalaman. Sadyang alam na nila kung ano ang gagawin at ang mga salita na sasabihin, at ito'y nagiging isang pampulitikang

pananalumpati na lang sa halip na isang ipinamamalas na kapangyarihan, na Mensahe ng Espiritu Santo na bumabaon sa puso ng tao at nakakatuklas ng kanyang mga kasalanan. Sinanay sila sa mga pampulitikang talumpati, at hindi naman natin kailangan iyon. Ang sabi ni Pablo, "Ang Salita ay dumating sa atin, hindi lamang. . . o, ang Ebanghelyo, sa Salita lamang, kundi sa pamamagitan ng Kapangyarihan at ng pagpapamalas ng Banal na Espiritu." Iyon ang naghatid sa Ebanghelyo, ang pagpapamalas ng mga kapangyarihan ng Banal na Espiritu! Subalit nagpupuntahan sa mga seminaryo ang lahat ng mga taong ito at nag-aaral sila ng matataas na edukasyon, kung paano sila dapat tumayo sa harapan ng mga tao, kung paano nila dapat ipakilala ang kanilang mga sarili, kung paano sila dapat manamit at kung paano sila dapat kumilos, hindi sila dapat gumamit ng maling gramatika. Ngayon, ayos 'yun para sa isang pampulitikang pananalumpati, pero hindi naman tayo naghahangad ng mapanghikayat na mga salita ng tao. Ang sabi ni Pablo, "Ang Ebanghelyo na ipinapangaral ko ay hindi dumating na ganyan, kundi dumating Ito sa pamamagitan ng pagbabago ng—sa Banal na Espiritu at ng Kapangyarihan ng mga pagpapamalas." Hindi dumating sa pamamagitan ng tamang anyo ng pananalita, upang ang inyong karunungan ay maging, o ang inyong tiwala ay sumandig sa karunungan ng tao. Kundi dumating iyon sa pamamagitan ng mga pagpapamalas ng Kapangyarihan ng nabuhay na muling Cristo. Iyon ang Ebanghelyo, "Ang makilala Siya sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli."

18 Iniisip ng bawat isa na medyo mas magaling siya kaysa dun sa ibang tao, bawat denominasyon. Sasabihin ng mga Methodist, "Nasa amin ang pinakamatalinong tao." Sasabihin ng Baptist, at ng church of Christ, at ng iba pa, silang lahat, "Kami, kami ang pinakamatalino. Kami, ang aming—ang mga tao namin, hindi namin basta na lang pinahihintulutan ang isang pangkaraniwang tao na humayo at ipangaral ang Ebanghelyo." Kundi pinipili nila sila. (O Diyos, mahabag Ka!) Pinipili sila; kung sila'y nadoktrinahan ng kanilang kung anong doktrina, saka nila sila inilalagay sa iglesya. Hindi siya mahihipo ng Diyos sa anumang paraan. Gusto kong mangaral sa akin ang isa na pinili ng Banal na Espiritu, na itinaas ng Diyos, hindi pinili ng tao o ng mga denominasyon.

19 Lahat ng kaalaman! Sinasabi nila, "Oh, alam na namin ang lahat ng tungkol Dito," at ang iba sa kanila ay ni hindi nga alam ang unang alpabeto ng Espiritu Santo. Itinatanggi nila Ito.

20 Naalala ko tuloy ang isang maliit na aklat na nabasa ko isang araw sa California, mga sampung taon na ang nakakaraan. Nabili ko iyon sa isang lumang tindahan ng mga libro. Nakalimutan ko na kung sino ang may-akda. Isang maliit na mumurahing libro lang, pero mayroon itong magandang

katuturan kahit na para bang pabiro at may katusuhan. Ngunit, may nakita ako roon na para bang tulad sa Diyos, para sa akin. At ang umpisa ng isa sa mga munting kuwento ay ganito. Isang umaga sa isang malaking kulungan ng mga manok, may isang munting tandang na ang akala'y taglay na niya ang lahat ng kaalaman na maaaring malaman. Kaya lumipad siya sa isang kahon at itinuktok ang kanyang munting tuka sa kahong iyon, nang apat o limang beses, iniatras ang kanyang munting ulo at tumilaok na para bang hindi mo pa narinig tumilaok ang isang tandang. At ang iba naman, ay nakuha niya ang kanilang pansin, at sabi niya, "Mga binibini at mga ginoo nitong kulungan ng mga manok, nais kong mangusap sa inyong lahat sa umagang ito tungkol sa isang kamangha-manghang programang pang-edukasyon na kabubuo pa lang namin." Sabi, "Nangailangan ako ng maraming kaalaman sa aking pag-aaral," habang isinusuot niya ang kanyang maliit na salamin sa ibabaw ng kanyang tuka. At sinabi niya, "Napagpasyahan ko na tayong mga manok ay lalo pang mapagbubuti ang ating mga sarili sa pamamagitan ng mas marami pang kaalaman. Samakatwid, ay masasabi ko sa inyo na kung saan, kung huhukay tayo at gagawa sa isang kulungan o hukay, makakakita tayo ng isang bitamina na makapagpapatilaok sa atin nang mas maganda pa, may mas magagandang balahibo. At, oh, masasabi ko sa inyo kung papaano natin mas mapag-iigi pa ang ating mga sarili sa maraming iba't ibang pamamaraan."

21 At ang mga munting dumalagang manok na may maliliit na pulang palong, talagang nagsipagputak sila at sabi, "Di ba't kagiliw-giliw siya?" At siya'y totoong hinangaan nila. "Oh, talagang napakatalino niyang tandang!" Nagpapaalala sa akin nitong ilang mga mangangaral dito mula sa seminaryo. "Napakatalinong lalaki! Hindi na natin kailangan pang makisama sa iba pang mga manok, tayong lahat ay dapat sumama na sa kanya."

22 Buweno, bago pa matapos ng munting tandang ang kanyang talumpati, may isa pang munting manok na hindi ganoon katingkad ang mga balahibo, na tumatakbong dumating mula sa ibang bahagi ng naturang bakuran ng mga manok, at sabi, "Mga kasama, sandali lang! Karirinig ko lang ng huling ulat sa radyo. Tumaas daw ang presyo ng mga manok nang apat na sentimos kada libra, papunta na tayo sa katayan bukas! Ano'ng buti pa ba ang maidudulot ng kaalaman n'yo?"

23 Kapatid, lahat ng kaalaman na maiipon natin, ano'ng buti ang maidudulot nito? Tayo'y anim na talampakan na lupa! Tayong lahat ay namamatay na nang unti-unti at minu-minuto. Walang kabuluhan ang kaalaman natin. Nais nating makilala Siya. Ngunit ginagawa nila iyon.

24 Gaya ng sinasabi ko noong minsan tungkol sa isang munting ibong kanaryo, at inakala niyang alam na niya ang lahat ng

kaalaman na—na kailangang malaman, at napakarami na niyang alam na anopa't masasabi niya sa lahat ng iba pang mga kanaryo ang tungkol sa mga tao. Kaya lumipad siya sa kanyang hawla at nagsimula siyang magsalita tungkol sa tao, nalalaman niyang lubos ang tungkol sa kanila. At, bigla-bigla, isang propesor mula sa Purdue ang lumapit at nagsimulang mangusap sa kanya ng talagang pulidong pananalita, at ikinurap-kurap ng munting ibon ang kanyang mga mata at ibinaling ang kanyang ulo at. . . Ngayon, may mga mata siya, nakikita niya ang propesor na iyon. May mga tainga siya, naririnig niya ito. Pero, siyempre, hindi niya alam kung ano ang sinasabi nito. Bakit? Mayroon siyang utak ng kanaryo. Isa lang siyang utak-ibon. Iyon lang ang taglay niya. Wala siyang utak ng tao, kaya hindi siya makakapag-isip na tulad ng mga tao.

25 At hindi rin magagawa ng tao na makapag-isip na tulad ng Diyos! Kayo'y tao, at lahat ng kaalamang pansanlibutan ay walang ipinagkaiba sa isang utak kanaryo. Ang tanging ginagawa n'yo, sinasaktan lang ninyo ang inyong sarili sa pamamagitan nito. Dapat ninyong taglayin ang pag-iisip ni Cristo.

26 Ang dahilan kaya pumupunta ang mga tao at umaanib sa mga organisasyon, at ipinapalit ang pakikipagkamay sa halip na bagong kapanganakan, pinipilit nila kasing laktawan ang bagong kapanganakan. Ayaw nila ng bagong kapanganakan. At sila—alam nila na itinuturo natin iyon sa Biblia, kaya gusto nilang ipalit ang ibang bagay para dito. At ang mga taong Pentecostal ay ganoon din lang kalala, na pinipilit ipangpalit ang ibang bagay! Gusto nila iyon na magara. Dapat na iyon ay maging sadyang napakagara, "Makikipagkamayan tayo at aanib sa iglesya, at wiwisikan o babautismuhan," o kung ano man. Takot sila sa bagong kapanganakan. Kung minsan nga ay naniniwala ako na kinatatakutan na rin ito ng Branham Tabernacle!

27 Ngayon, alam nating lahat na ang isang kapanganakan, hindi mahalaga sa akin saan man ito, o kung saan, saang dako, ito'y madungis-tingnan. Kung ipinanganak ang isang sanggol sa isang bunton ng mga pinagtalupan, sa ibabaw ng matigas na sahig, o sa isang silid man ng ospital na may mga palamuting kulay rosas, ito'y madungis-tingnan, pa rin. Ang kapanganakan ng isang guya, kapanganakan ng kahit ano pa, ay madungis-tingnan.

28 At ang bagong kapanganakan ay talagang ganoon din na madungis-tingnan! Ngunit ang mga taong napakapormal, "Pupunta kami doon kung saan nagkakamayan sila. Pupunta kami doon kung saan hindi sila humihiyaw at umiiyak, at kinakalampag ang altar at sumisigaw." Nais ninyong labis na magpakatao! Ang kailangan natin ay kapanganakan, ang talagang mamatay, na siyang nagdudulot ng Buhay!

29 Ang isang binhi, isang matandang patatas, isang binhing patatas, kunin mo ang patatas na iyan at ibaon mo sa lupa. Para magkaroon ka ng mga bagong patatas, ang matandang patatas na iyan ay kailangang mabulok. Hindi magkakaroon ng bagong buhay ang mais hanggang sa ito'y mabulok na.

30 At ang isang lalaki o babae ay hindi kailanman magkakaroon ng bagong kapanganakan hanggang sa ang kanilang mga pagka-intelektuwal at ang kanilang sarili ay mabulok, patay na, na talagang mamatay roon sa may altar, at sumigaw, ganap na maging madungis-tingnan, tungo sa isang punto na maaalis ang pagkapormal sa inyong kuwelyo, at kayo ay maipanganak na muli ng Espiritu ng Diyos. Wala akong pakialam kung ikaw man ay magtitili, magsalita sa iba't ibang wika, maglulundag-lundag, kumawag-kawag na tulad ng manok na naputulan ng ulo, nagsisilang kayo ng bagong Buhay! Ngunit ipinangpalit na natin dito ang ibang bagay, gusto natin ang magarang pamamaraan, siyanga.

31 Noong isang araw, nang Biyernes, ang asawa ko at ako ay papunta noon sa tindahan. Hindi ko ibig na ulit-ulitin ito. Ngunit habang padaan kami sa kalsada, panay ang baling ko sa kabila palayo, mga hubad ba naman na kababaihan. Ipinangako ko sa Diyos noong nabulag ako, na kung pagagalingin Niya ang aking mga mata ay titingin ako sa bagay na tama. At pinananatili ko ang isang maliit na krus na nakasabit sa aking kotse. Kapag nakakakita ako ng ganoon, tumitingin ako sa krus at sinasabi, "O Diyos, Iyan ang aking Kanlungan," habang nakatingin ako sa krus.

32 Nakita ko ang mga babaeng iyon. Sinabi ni Meda, "Wala pa tayong nakita na isang babae ngayon na nakasuot ng palda." At sabi niya, "Bill, tingnan mo 'yung babae roon na nakasuot nung kung anong mga tiranteng iyon paikot sa bahaging itaas ng katawan niya," at sabi, "ibig mong sabihin sa akin na hindi alam ng babaeng iyon na mali iyon?" Sabi, "Kung hindi niya alam na mali iyon, kung gayon ay wala siya sa tamang pag-iisip niya."

33 Sabi ko, "Sandali lang, honey. Isa kasi siyang Amerikana, ginagawa niya ang ginagawa ng mga Amerikano." Sabi ko, "Naroon ako sa Finland hindi pa katagalan, mahal ko."

34 At nagtanong ako roon sa isang lalaki na nagpaupo sa akin, si Doktor Manninen. At papunta kami noon sa—sa mga paliguang pangkalusugan, 'yung tinatawag na "sauna," at papapasukin ka nila at bubuhusan ng mainit na tubig, o tubig na nasa mainit na mga bato, at talagang papagpapawisin ka niyon. Saka ka nila patatalunin sa malamig na tubig, at pagkatapos ay aahon na. Saka ka dadalhin sa isang silid, at may mga nars doon, mga babaeng hinihiluran ang mga lalaki (at mga nakahubad ang mga ito), pababalikin ang mga ito sa paliguan. Ayaw kong pumasok. At sinabi ko, "Doktor Manninen, mali 'yan."

35 Sinabi niya, "Sige kung ganoon, Reverend Branham, mali nga iyon. Kung ganoon papaano naman ang inyong mga Amerikanong doktor na hinuhubaran ang isang babae at pinahihiga siya sa ibabaw ng mesa, sinusuri ang bawat kasarian—kasariang mayroon siya? Papaano naman ang mga nars n'yo sa mga ospital?"

36 Sinabi ko, "Ipagpaumanhin mo, Kapatid na Manninen, Manninen, tama ka."

37 Ano ba iyon? Mga kaugalian. Noong nasa Paris ako ay hindi ako halos makapaniwala, na ang ihian para sa kapuwa mga lalaki at mga babae ay iisa. Hindi ko iyon maintindihan, na ang mga palikuran ay nasa tabing kalsada para sa kapuwa lalaki at babae. Hindi ako makapaniwala na kapag nagpunta sa dalampasigan ang kababaihan para lumangoy, ang isang binata at ang kanyang nililiyag, wala man lang silang mga silid-bihisan, aalisin lang nila ang lahat ng kanilang mga damit hanggang sa huling saplot, pagkatapos ay tatalikod sila at magsusuot ng maliit na panali at lalangoy na, pero ganoon nga iyon. Wala silang pakialam doon. Isang kaugalian iyon sa Pransya.

38 Sa Africa, ang kababaihan at kalalakihan, matanda at bata, walang anumang damit, naglalakad sa buong kaparangan. Ni hindi alam kung ano ang palikuran, o mga ganoong bagay, o ni hindi man lang umalis sa paningin ng isa't isa. Ngunit hindi nila alam ang kaibahan. Hindi nila nalalaman ang kaibahan. Ngunit iyon ay mga kaugalian ng mga bansa.

39 Ngunit sinabi ko, "Honey, iba tayo, tayo'y taga-ibang Bayan. Mga manlalakbay at mga dayuhan tayo rito, 'yun ang dahilan kaya nagiging talagang mali sa paningin natin ang mga ganitong bagay. Dahil ang sabi ng Biblia, 'Sila na nagpapahayag ng gayon, nag-aangkin, ipinapakita nila na sila ay mga manlalakbay at mga dayuhan, naghihintay sila ng isang bayan na darating.'"

40 Ang isang lalaki o isang babae sa Italy, sa Pransya, sa Africa, sa alin mang bansa, na ipinanganak na muli ng Banal na Espiritu, ay hindi gumagawa ng ganoong mga bagay. Hindi nila isinusuot ang ganoong mga damit. Hindi sila kikilos nang ganoon, dahil sila ay taga-ibang Bayan Na ang Tagapamahala at Gumawa ay ang Diyos. Tayo'y taga-Langit. Ang espiritung nasa inyo, ang nag-uudyok sa inyong buhay. Kung isa kang Amerikano, gagawin mo rin ang ginagawa ng mga Amerikano. Kung isa kang Pranses, gagawin mo rin ang ginagawa ng mga Pranses, at pipintasan ang kabila. Ngunit kung ikaw ay sa Diyos, ay gagawin mo ang paraan na ginagawa nila sa Langit, dahil ang iyong Espiritu ay nagmumula sa Itaas at kinokontrol ka Nito.

41 Isang munting bagay na matitingnan ninyo. Sa Kasulatan, yaong mga nagsihanap sa bagong Bayan na ito, ay kumilos nang kakaiba. Ipinahayag nila na sila ay mga manlalakbay at mga dayuhan. Ngunit sa panig ni Cain, sila'y naging mga palaboy

at mga tulisan. Subalit ang mga Cristiano ay mga manlalakbay at mga dayuhan. Ang isang palaboy ay walang tahanan, ang isang tulisan ay isang nakakasindak na tao. Subalit ang isang manlalakbay ay isang bagay na totoo, at mula sa isang tunay na lupain sa ibang Bayan, na sinisikap na hanapin ang kanyang daan Pauwi, ipinahahayag sa kanyang pamumuhay na mayroon siyang bagay na siya'y mula sa ibang Bansa. Hayan ang dahilan.

42 Subalit gayon pa man ang mga taong iyon na gumagawa ng ganoon, ang mga taong iyon na nagsusuot ng gayong mga bagay, hayaang sabihin ko sa inyo. Sa Timog Africa, noong makita ko ang tatlumpung libong purong pagano, mga hubad, na mga katutubo. Labing-anim-, labingwalo-, dalawampung taong gulang na mga kabataang babae, mga kabataang lalaki na wala man lang suot na damit, nakatayo roon na may putik sa kanilang mga mukha, at pintadong-pintado, may mga butong nakatusok sa kanilang ilong, at malalaking piraso ng kahoy na nakasabit sa kanilang mga tainga, at krus na buto ng tao o kung anong mga buto sa kanilang buhok, mga ngipin ng mga hayop na nakakuwintas sa kanila, hubad na gaya ng pagdating nila sa mundo, at hindi alam iyon. Ngunit noong tanggapin nila si Cristo, at nagpatirapa at natanggap ang Banal na Espiritu, tumindig sila at inihalukipkip ang kanilang mga bisig para itago ang kahihiyan sa kanilang sinapupunan, habang lumalakad silang palayo at naghanap ng mga damit na maisusuot. Bakit? Sila'y naging mga manlalakbay at mga dayuhan sa sanlibutang ito. Hallelujah! Malayo sila noon sa Kanya. Siyanga, po.

43 Oh, oo, tinatawag ng mga taong ito ang kanilang mga sarili na mga Cristiano. Kabilang sila sa mga iglesya. Humahayo sila at sinasabi, "Methodist kami. Baptist kami. Pentecostal kami. Seventh-day Adventist kami. *Ganito* kami, *ganoon*, at *iba pa*." Wala iyong kinalaman dito ni isa mang bagay. Ang espiritu mo, ang buhay na nasa iyo, ang nag-uudyok at nagsasabi kung ano ka. Ang sabi ni Jesus, "Sa pamamagitan ng kanilang bunga ay makikilala ninyo sila."

44 Ang iglesya ay naging tulad ng Israel noon, sa una. Nakita nilang ang lahat ng mga bansang pagano ay may hari. Ang Diyos ang kanilang Hari noon. At nakita nga nila ang mga bansang pagano na mayroong hari, kaya gusto nilang kumilos na tulad ng mga bansang pagano, at kumuha sila ng sarili nilang hari. At sa paggawa nila niyon, ay nasadlak sila sa kaguluhan. Unti-unting nagsimula iyong pumasok. Unti-unti nang nagsimulang pumasok sa kanila ang sanlibutan. Sa huli ay humantong iyon kay Ahab. Papalapit nang paunti-unti ang bawat hari rito, papalapit pa ng kaunti rito, at sa huli ay piniga na ang buhay palabas sa kanila. At hayun na nga sila. At nang dumating na ang tunay na Hari, hindi nila Siya nakilala.

45 Ganoon din ang ginawa ng iglesya. Tinanggap nito. Heto na nga. Tinanggap nito ang pulitika, mga edukasyon. Tinanggap

nito ang mga organisasyon, samahan, malalaking simbahan, mararangyang mangangaral. At kapag dumating na ang tunay na Hari, hindi na tuloy nila Siya kilala, at kanilang ipinapako sa krus ang mismong Banal na Espiritu na kanilang Hari. Hindi nila Siya kilala, kundi pinagtatawanan nila Siya at pinagkakatuwaan Siya. Kung ano ang ginawa noon ng mga Judio sa kanilang Mesiyas, ganoon din ang ginagawa ng iglesya sa kanilang Mesiyas. Hindi nila alam iyon. Wala silang maliwanag na pagkaunawang espirituwal, dahil labis na silang nadoktrinahan sa kanilang mga pananaw at sa kanilang mga nakikita, naglalakihang mga gusali, pinipilit makigaya sa sanlibutan. Hindi tayo kailanman tinagubilinan—tinagubilinan na makigaya sa sanlibutan. Tayo'y tinagubilinan na dapat tayong magpakumbaba.

46 At, ang isa ay siyang karamihan, sa Diyos. At ngayon sa mga ebanghelistang may ministeryo ng pagpapagaling na naroon sa mga pagmimisyon, meron talagang paligsahan, mga magkakatunggali. Sasabihin ng isa, "Aba, purihin ang Diyos, meron akong libu-libo. Meron akong mas malaking pagtitipon kaysa sa iyo." Ano naman ang kaibahang magagawa nun? Kung meron man tayong isa o isang milyon, anong kaibahan ang magagawa nun? Tapat ba tayo sa Diyos? Tapat ba tayo sa Kanyang Salita? Nakakapasa ba tayo sa pagsubok ng Espiritu Santo? Iyon ba ay totoo? Iyon ang pinakaimportante.

47 Ngunit ikinokompromiso natin ang Biblia. Marami sa ating mga taong Pentecostal, sa mga pangunahing Aral ng Bibliang ito, ay nakikipagkompromiso. Mayroong . . . Ayaw kong makasakit ng damdamin. Ako'y nasa sarili kong iglesya, at nadarama kong ako—magagawa ko ang sadyang kahit ano, sa aking iglesya, dahil ipinapangaral ko ang Ebanghelyo. Ngunit laksa-laksang mangangaral na Pentecostal ang nakakaalam na walang ganoong bagay sa Biblia na tulad ng bautismo sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo." Hinahamon ko ang arsobispo, o sinuman, na ipakita sa akin kung saan na ang sinuman ay nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo." Ngunit sila ay nakikipagkompromiso, dahil sa gayon ang ginawa ng mga organisasyon. Wala ni isa mang tao sa Bagong Tipan, at sa loob ng tatlong daang taon pagkatapos, ayon sa kasaysayan, kundi pawang nangabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ano ba iyon? Organisasyon. Iyon ang gumawa nito. Pakikipagkompromiso!

48 At ngayon inalis na nila ang lahat ng mga manggagawa sa lansangan mula sa mga lansangan. Inalis na nila ang tamburin sa iglesya. Inalis na nila ang lahat ng kaluwalhatian sa iglesya, at ang tinanggap ay pangseminaryong pangangaral, magarang pangangaral, pinaganda nang husto sa lipunan, at ang kanilang kababaihan ay nagsisipagsuot ng shorts at mga damit na hapit na hapit na sa kanila, at ang kalalakihan ay

naninigarilyo, at nagsusugal at nagsasabi ng maruruming biro. Nakakahiya iyon sa paningin ng Diyos! Alam kong masakit pakinggan iyon, pero panahon na na may magsabi ng isang bagay. Nakikipagkompromiso, umaayon, kumikilos na tulad ng sanlibutan!

49 Wala akong pakialam kung kailangang manindigan ako na mag-isa, na walang kasama kundi ang Diyos lang, ipapangaral ko pa rin ang Katotohanan ng Biblia ng Diyos at maninindigan para Dito. Kung mamatay man ako, maninindigan pa rin ako para sa Katotohanan. Totoo. Gusto natin ng Katotohanan. Makakaabot ako sa pamantayan hindi ayon sa iglesya, kundi ayon sa Salita ng Diyos nais kong makaabot sa pamantayan.

50 Ngunit si Delilah, napansin ba ninyo? Alam niya na may taglay na kapangyarihan si Samson. At hindi niya alam kung saan naroon ang kapangyarihang iyon. Hindi niya masabi kung ano ba ang kapangyarihang iyon, ngunit may kung anong dakilang kapangyarihan na taglay noon ni Samson, at gusto niyang matuklasan iyon. At, si Delilah naman, patuloy niyang inaakit noon si Samson sa kanyang kagandahan. Oh, talagang nagdamit siya nang napakaseksi. At lumakad siya sa harapan nito at humagikgik siya na tulad ng ilan sa mga dalagita ngayon, at—at iba pa, at sadyang gustong kumilos na katulad ng iba pa, isang naghuhubad na mang-aaliw, sinisikap na akitin si Samson papunta sa kanya.

51 Ganyan din ang ginawa ng sanlibutan sa iglesya. Ngayon nasaan na ang inyong dakilang Kapangyarihan?

52 "Buweno, kung mag-oorganisa tayo, sisirain niyon ang Kapangyarihan." Ginawa iyon ng simbahang Katoliko.

53 "Ngunit narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson." At lumabas ang isang Luther.

54 Pagkatapos ay nag-organisa na naman sila. "Kung gagapusin mo ako ng panibagong tali, mapipigilan ako niyon." Kaya ginawa nga nila.

55 "At narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson." Ano'ng nangyari? Lumabas si Wesley at pinatid ang mga tali.

56 "Ngayon matagal mo na akong nilolok. Hindi mo ba alam na iniibig kita, Samson? Sige na, sabihin mo na sa akin ang katotohanan sa iyong puso."

"Sige, gapusin mo ako ng panibagong tali."

57 "Sige, ngayon gagawin natin iyan." Ano ba iyon? Iyon ang tali ng denominasyon.

58 "Hayaan mo akong maging malaya, na wala akong denominasyon. Kung gayon, sasabihin ko sa iyo, magugupo mo na ako." Kaya lumabas ang mga Pentecostal. Nasaan ang iyong Kapangyarihan?

"Narito na sa iyo ang mga Filisteo." At napatid niya muli ang mga tali.

59 Ngunit ngayon ano'ng nangyari? Nakuha na niyon ang mga Pentecostal, ang mga bigating Doktor ng Dibinidad bilang kanilang mga pastor, kung sinu-sinong kilalang tao. Meron silang kasindami ring paaralan at ritwal na gaya ng Methodist o Baptist, o na meron din ang iba pa sa kanila. Pumasok ka sa isang simbahan at hindi ka makakarinig ni isa mang "amen," sadyang kasing lamig ng isang grupo ng mga Eskimo roon sa Polong Hilaga. Malamig! Mga mapagwalang-bahala! "At ngayon ay narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson."

60 Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Amerika. Saan naroon ang pagkakaisang iyon ng espiritu? Saan naroon ang pagkakaisa ng Pentecost? Ang Assemblies of God, at ang United, at ang church of God, at *ito, iyon,* ang *iba pa,* bawat isa ay may ibang ismo, ang isang ito ay may *ganoon,* at ang isang ito naman ay may *ganoon.* Nagkabaha-bahagi na tayo nang husto hanggang sa kapag pumunta ka sa isang siyudad para magdaos ng isang rebaybal, kung itataguyod ito ng isang iglesya, tapos ang iba pa sa kanila ay ni hindi naman dadalo. Narito na sa iyo ang mga Komunista, Amerika.

61 Nasaan na ang ating Kapangyarihan? Nasaan na ang ating kaluwalhatian? Ano ba iyon? Dahil karunungan ng tao ang hinangad nating magkaroon tayo sa halip na ang Kapangyarihan ng Diyos! Aba, nagawa nila ang ating mga mangangaral at mga ganung bagay na maging napakatigas at napakapormal na, hanggang sa inorganisa na nila tayo hanggang sa napakapormal at naninigas na ang mga leeg natin, hanggang sa ang mga tao...Nakakarinig pa ba kayo ng sigaw sa loob ng simbahan? Hindi ka na nakakarinig ng sinuman na umiiyak. Ang upuan ng mga tumatangis ay inilagay na sa silong. Wala nang kaluwalhatian sa iglesya. Ang ginagawa na lang natin ay maupo na kasing tigas ng magagawa natin. Hindi tayo malaya. Tayo'y nakagapos. Ang diablo, kasama ang kanyang mga makabagong demonyo, ay ginapos na ang iglesya ng buhay na Diyos. Siyanga. Wala nang Kapangyarihan sa iglesya. Wala nang kalayaan. Ang mga tao ay napakapormal at nanigas na! Aba, magagawang bumaba ng Diyos sa gitna ng mga taong Pentecostal, at ipakita na Siya'y Diyos, at patunayan ang Kanyang mga tanda ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ni hindi nga sila napapangatog nito. Luwalhati! Aba, isa itong kahihiyan! Naglalakbay ako sa buong bansa, na kumikilos ang Diyos, gumagawa ng mga tanda, at ang mga tao naman nakaupo, at, "Buweno, palagay ko ayos lang 'yan. Oh, alam kong makakayang gawin nga iyan." Hindi nababagbag ang kanilang damdamin sa ganoon! Bakit? Nakatali na sila kay Delilah, sa sanlibutan. Sila'y nakatanikala na.

62 Ngayon humantong pa nga sila, nagapos sila sa isang kompederasyon. "Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Samson." Ano nang gagawin mo tungkol dito?

63 "Oh, meron kaming malalaking denominasyon." Siyanga. "Mas marami na kaming miyembro kaysa noon." Ngunit nasaan naman ang Espiritu? Nasaan ang Banal na Espiritu?

64 Iyan ang ginawa ng diablo. Inakit nito ang iglesya. Patuloy nitong inaakit ang iglesya, "Pumarito ka sa akin, bibigyan kita ng napakalaking tabernakulo rito kung gagawin mo lang ang *ganito*. Kung paaalisin mo ang panatikong mangangaral na nasa inyo, at kumuha ng isang lalaki, isang Doktor ng Dibinidad na may kaunting talino, magtatayo tayo ng isang magara't malaking klasikal na iglesya at tayo'y magiging katulad ng iba pa sa kanila." Mahiya kayo! Mas gugustuhin ko pang magkaroon ng isang lalaki na hindi alam ang hating kape sa mga patani, ngunit puspos naman ng Banal na Espiritu, na hindi nakikipagkompromiso, sa Kapangyarihan ng Diyos.

65 Ngunit ito'y naging, oh, napakapormal na, hanggang sa ang isang abang banal ay magagawang makapasok sa pagtitipon at magsalita sa iba't ibang wika, o sumigaw-sigaw nang kaunti, o gumawa ng isang bagay, at ang iba pa sa kanila ay talagang lilingon at titingin. "Ano ba iyon? Buweno, bakit kaya? Marahil iyon ay isang panatiko na galing pa sa kung saan." Alam ninyong iyan ang katotohanan! Isang abang banal ang papasok, magagalak nang lubos hanggang sa itaas ang kanilang mga kamay, at iiyak at pupurihin ang Panginoon, isa na hihiyaw ng "amen" sa pangangaral ng Ebanghelyo, at ang iba pa sa kanila ay lilingon at titingnan kung ano ang sinabi niya. Mga Pentecostal iyon. Ano bang nangyayari? Tumutulad na kayo sa Methodist, sa Baptist; tumulad naman sila noon sa Katoliko; ang Katoliko naman ay tumulad sa impiyerno. At, lahat-lahat na, itong lahat ay nakasunod na sa impiyerno! Siyanga.

66 Inakit na kayo ni Delilah sa malalaking iglesya, magagaling, na edukadong mga ministro, na piliin ang mas mataas na uri. "Buweno, alam mo, si *Ganito-at-ganoon* sa dako rito ay isang milyonaryo, kung mapapapasok lang natin siya sa ating kongregasyon! Oh, naku!" Kung hindi siya ipinanganak na muli, kung gayon ay hindi siya karapat-dapat na maparoon. Wala akong pakialam kung meron man siyang isang milyong dolyar. Kung nagmamay-ari man siya ng apatnapung Cadillac, anuman ang mayroon siya, dapat siyang maipanganak na muli, dumaan mismo sa isang bagong kapanganakan at mabago ng Banal na Espiritu, at lumabas doon sa isang bagong kapanganakan, na sumisinghot (ipagpaumanhin n'yo), umiiyak at sumisigaw, at kung anu-anong pinaggagagawa na tulad ng ginagawa ng iba pa sa kanila, at mamuhay ng isang buhay pagkatapos niyon upang patunayan na natanggap na nga niya Iyon. Amen. Iyon ang kailangan ninyo.

67 “Samson, narito na sa iyo ang mga Filisteo.” Narito na sa iyo ang mga Komunista. Narito na sa iyo ang sanlibutan. Narito na sa iyo ang diablo.

68 Babalik sila at makikita nila ang Espiritu ng Diyos na gumagawa ng mga himala at gumagawa ng mga bagay ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, kung ano ang ipinangako ni Jesus noon, sasabihin naman nila, “Alam mo, palagay ko si Kapatid na Branham ay maraming mental telepathy. Sabi ng pastor ko na iyon daw ay sa diablo.”

69 Ikaw na kawawang, mapagkunwari, nadaya na di-mananampalataya, napakatalino, ikaw na lobo na nakadamit-tupa! Ang sabi ni Jesus, “Kung nakikilala ninyo Ako, ay nakikilala sana ninyo ang Aking panahon.” Ngunit mayroon kayong isang pangkat ng mga Saul na pinipilit na gawin kayong katulad ng iba pa sa sanlibutan.

70 Kailangan natin ng isang pangkat ng mga kalalakihan ng Diyos na hindi ipinakikipagkompromiso ang Salita, kundi ipinapangaral ang Katotohanan at naninindigan sa bautismo ng Espiritu Santo.

71 Ngunit ano ang ginawa ng sanlibutan? Inalis na nito ang lahat ng Kapangyarihan ninyo. Ipinanganak kayong Nazareo, Pentecost, subalit tunay na inalis na ng sanlibutan ang inyong Kapangyarihan. Ngayon ito’y sadyang kasing pormal na ng iba pa sa kanila.

72 Ano na’ng gagawin natin? Ano na’ng mangyayari? May isang maluwalhating bagay na naiisip ko para tapusin na ang paksang ito.

73 Habang nakagapos si Samson! Hindi natin magawang magka-rebaybal. Pakinggan n’yo ang ating matapat na kapatid, na si Billy Graham, “Rebaybal sa ating panahon!” Pakinggan n’yo si Oral Roberts na sumisigaw, “Rebaybal sa ating panahon!” Pakinggan n’yo ang iba pa sa kanila, “Rebaybal sa ating panahon!” Papaano tayo magkakaroon ng rebaybal samantalang nakagapos tayo? Ginapos na natin ang Espiritu Santo, gamit ang ating mga organisasyon at mga tradisyon, at hindi na natin magawang magkaroon ng isang rebaybal ng Banal na Espiritu. Amen. Alam kong iyan ay init na talagang nakakapaso, sabay sa panahon, ngunit ito ang Katotohanan. Papaano tayo magkakaroon ng isang rebaybal ng Banal na Espiritu kung kayo’y lubos na nakagapos at napakapormal! “Anyo lang ng kabanalan,” ang sabi ng Biblia na tataglayin nga nila. “Anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan ang Kapangyarihan niyaon.” Ang kapangyarihan ng ano? Ang kapangyarihan ba ng organisasyon? Ang kapangyarihan ba ng sanlibutan? Ang kapangyarihan ba ng iglesya? Ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu! Iyan ang lihim na dako sa iglesya. At kapag gumagamit ang iglesya ng mga edukadong

mangangaral, at naglalakihang mga gusali at mga magagarang bagay, sa halip na ng makalumang Banal na Espiritu, mas mabuti pang sila'y mapasa misyon muli. Amen. Totoo. Papaano kayo magkakaroon ng rebaybal ng Banal na Espiritu, at pinapatay naman ng mga tao ang ningas Nito at ginagapos Ito at natatakot Dito? Naroroon ang problema.

74 "Narito na sa iyo ang mga Filisteo." Ngunit ang isang pinagpalang pag-asa na mayroon tayo, habang si Samson noon ay nasa kulungan. . .

75 Ano ang unang ginawa nila nang mahuli nila siya? Ginapos nila siya, muna. Inalis nila ang kanyang kapangyarihan, natuklasan nila ang kanyang lihim. Natuklasan nila ang inyong lihim. Natuklasan ng sanlibutan ang inyong lihim. Ngayon kayong mga babae ay nagpuputol nang lahat ng inyong buhok, katulad na sa sanlibutan. Kayong mga lalaki ay humahayong lahat at kumikilos na tulad ng sanlibutan. Walang anuman, nagsasabi ng mga biro at mga malalaswang biro, at lumalabas at humihitit ng ilang sigarilyo, at lumalabas na kasama ang mga asawang babae ng iba, at lahat na ng iba pang bagay na ganoon, kaunting pakikipag-inuman ng pakikisama para mapanatili ang inyong trabaho. Mas gugustuhin ko pang dumapa at kumain ng mga biskwit na soda at uminom ng tubig galing sa sapa, at manatiling malinis at dalisay sa harapan ng Diyos, kaysa sa makipagkompromiso para sa anumang uri ng trabaho. Siyanga. Totoo. Nananatiling tapat sa Diyos.

76 "Samson, narito na sa iyo ang mga Filisteo." Branham Tabernacle, ang pagiging makasanlibutan ay gumagapang na sa kalagitnaan n'yo. Paano na iyon? Inilantad n'yo na ba ang inyong lihim? Inilantad n'yo na ba ang lihim na iyon na ibinigay sa inyo ng Diyos noong nagpapagulong-gulong kayo roon sa mga kusot ilang taon na ang nakakaraan? Hinayaan n'yo na ba itong makagapang nang tuluyan sa pamamagitan ng sosyal, pormal na pagsamba? Ano na'ng nangyari sa inyo? Nagagawang bumaba ng Diyos at gumawa ng isang himala at pumunta mismo sa mga nagsidalo at sabihin sa mga tao ang mga lihim ng kanilang mga puso, at lahat na, at pagalingin ang mga maysakit at mga may karamdaman, at gumawa ng mga tanda at mga kababalaghan, at ipangaral ang Kanyang Salita sa abot ng kanilang makakaya, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu; at sasabihin naman ng mga tao, "Buweno, palagay ko'y mainam iyan. Nasisiyahan kami sa pakikinig dito paminsan-minsan, kung hindi kami gaanong pagod." Iyon ang Branham Tabernacle. Narito na sa iyo ang mga Filisteo.

77 Gayong, dati-rati kapag sa pangangaral na ng Salita, at ang mga banal noon na may mga luha sa kanilang mga mata, ay magsisipagtindig at lalakad, na humihikbi, marahil ay hindi nagsasalita ng anuman, palakad-lakad lang, nang dalawa o tatlong beses, at mauupo na, talagang puspos ng Banal na

Espiritu! Pinakain sila ng Salita! “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.” Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Branham Tabernacle.

Narito na sa iyo ang mga Filisteo, Pentecostal.

78 Mangyari pa, nahuli na kayo ng mga Filisteo, ang iba pa sa inyo, noong matagal nang panahon nang kayo’y mag-organisa sa inyong sarili nang napakahigpit, na walang makakapasok maliban na isa kang Presbyterian, Baptist, Methodist, Katoliko, o kung ano. Wala na kayong pakialam sa iba pa sa kanila.

79 Kaya, rebaybal ba sa ating panahon? Papaano tayo magkakaroon nito samantalang ang tagapagbigay ng rebaybal ay ginapos na ng sanlibutan? Hindi paroroon ang Diyos kung saan naroon ang sanlibutan, talagang makakaasa kayo riyan. Makisama kayo sa sanlibutan, kung gayon ito’y—ganoon na lang iyon. Kapag hinayaan ninyo ang sanlibutan na makapasok, magsisikilos kayo na tulad ng sanlibutan, kung gayon ay tapos na kayo. Ngunit kung papatirin ninyo ang bawat tanikala mula sa sanlibutan, at lalapit sa Diyos, gagamitin kayo ng Diyos hanggang sa kayo’y makipaglandian na naman.

80 Narito ang nag-iisang pag-asa na mayroon ako sa umagang ito, para tapusin na ang Mensahe ko, ay ito, “Habang nakagapos si Samson, isang panibagong kumpol ng buhok ang tumubo.”

81 Magsugo nawa sa atin ang Diyos ng panibagong Iglesya bago ang huling panahon, na ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay makapasok sa kanya, sa mga pagpapamalas ng Espiritu, at lalakip na ang Marcos 16 sa Iglesya, Mga Gawa 2:4, Mga Gawa 2:38, ang lahat ng ito ay lalakip na mismo sa Iglesya. Ang mga tanda at mga kababalaghan ay kasama ng mga apostol. Kasama nila ang mga dakilang tanda ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Habang tayo’y nasa kulungan, tunay na ang Diyos ay may pinatutubong tanim sa kung saan man, para sa huling dakilang pagtatapos na gawain. Ikaw nawa iyon, kaibigan kong Cristiano na narito sa umagang ito, nawa ang iyong kalakasan ay nagsimula nang lumago. Dalangin ko na nawa ang Mensaheng ito sa umagang ito, at doon sa lupain kung saan ito paroroon, umaasa ako na ang Mensaheng ito ay makatutulong na dalhin ang bitamina sa inyong sistema na magpapasibol ng isang espirituwal na Kapangyarihan pabalik muli sa inyong buhay.

Iyukod natin ang ating mga ulo at manalangin.

82 O Panginoong Diyos, Tagapaglikha ng Kalangitan at ng lupa, ang May-Akda ng Buhay na Walang Hanggan, at ang Tagapagbigay ng bawat mabuti at espirituwal na kaloob, kunin Mo po ang mga salitang ito ngayong umaga at ilagay ang mga ito sa puso, at diligan ang mga ito, Panginoon. Idalangin nawa ng mga tao ang mga bagay na ito, nakikitang inakit na

ng sanlibutan ang iglesya at sa wakas ay natuklasan na ang Kapangyarihan nito, natagpuan na ang lihim na dako nito, natagpuan na kung saan naroon ang lihim nito, at inahit na ito. Nahikayat na ang mga tao na minsang sumigaw ng tagumpay noon, minsang nagtamo ng tagumpay noon, at inahit na ang mga ito, nang sa gayon manatili na lang sa bahay tuwing Miyerkules ng gabi para manood ng isang programa sa telebisyon. Inalis na ang kagalakan sa kanilang mga puso, at binigyan sila ng higit na pag-ibig para sa sanlibutan kaysa sa mayroon sila para sa Diyos. Binigyan sila ng higit pang sanlibutan, para sa maka-sanlibutan, higit na paghahangad para sa maka-sanlibutang aliw kaysa sa magkaroon ng pangangaral ng Ebanghelyo. Kung walang tanyag na banda at marami pang kung anu-anong pinaggagagawa, at pagkakatuwaang hiyawan at nagpapatuloy nang ganoon, kung gayon ay ayaw na nila ng dating Ebanghelyo, talaga, na nagdudulot ng mga luha ng kagalakan sa kaluluwa, na nagpapanumbalik ng Makalangit na kagalingan, na nagpapanauli ng apostolikong mga kaloob sa iglesya, na nagdadala sa nagbangon na Cristo, ang Mesiyas ng panahong ito.

83 Ngunit kung papaanong nagapos noon ang Israel ng—ng kanilang mga hari, kaya hindi na nila masunod ang tunay na Hari; at ang tunay na Hari, nang dumating na Siya, ay hindi nila Siya nakilala. Ganoon din nga ito ngayon. O Panginoon, ang Hari ng Kaluwalhatian ay nagpakita sa anyo ng Banal na Espiritu, at, Panginoon, hindi nila nalalaman ito. Hindi nila nakikilala ito. Lubos na silang naorganisa nang napakahigpit, na hindi na nila maunawaan ito, dahil ito'y wala sa kanilang organisasyon. Panginoon, ito ay gawa ng diablo na siyang may kagagawan nito sa mga tao.

84 Nawa ang Samson ng Diyos, nawa yaong mga tapat sa puso, yaong mga nananabik at umiiyak, at nagsusumamo at nanghahawakan, nawa sila ay manatili rito, Panginoon, hanggang sa lumago itong bagong tanim, hanggang sa magkaroon muli ng isang kagalakan sa Sion, at may lumabas na isang grupo na magagawang kumilala at umunawa, na makakikilala sa Mesiyas at sa natatagong Kapangyarihan na natago mula sa sanlibutan, na hindi nito mauunawaan sa ngayon. Ipagkaloob Mo po, Panginoon, na makita nila ito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]
. . . Power just now,
O Lord, send the Power just now
And baptize every one.

They were in the upper chamber,
They were all with one accord,
When the Holy Ghost descended
That was promised by our Lord.

O Lord, send Your Power just now,
O Lord, send Your Power just now;
O Lord, send the Power just now
And baptize every one.

85 Pinakaiibig ko Siya! Ang isugo lamang ang Kanyang Kapangyarihan! Naroon sila noon sa mataas na silid, lahat ay nasa pagkakaisa. Naalis na ang lahat ng sanlibutan sa kanila. Wala na silang laman, at dumating ang Banal na Espiritu.

86 Sinasabi nila ngayon, "Halikayo, umanib kayo sa iglesya, ilista ang inyong pangalan sa aklat. O lumuhod kayo at sabihin, 'Ipinapahayag ko si Cristo bilang ang Anak ng Diyos,' tumayo na." Ganyan din ang ginagawa ng diablo. Sigurado. Nabautismuhan ang diablo noong mabautismuhan si Judas. Humayo ang diablo at ipinangaral ang Ebanghelyo noong humayo't mangaral si Judas ng Ebanghelyo. Subalit hindi natanggap ng diablo ang Banal na Espiritu. Iyon na. Doon ay kung saan naroon ang natatagong Kapangyarihan, ang pagkabuhay na mag-uling 'yon, na nakakaalam nang tiyak, nang walang bahid ng pag-aalinlangan. Amen.

87 Siya'y naririto. Ang siya ring Banal na Espiritu, Siya na nasa Mesiyas noon, ay nasa Kanyang Iglesya pa rin. Hindi Siya kailanman lumilisan. "Ako'y sasainyong palagi, sumasainyo, hanggang sa wakas ng sanlibutan. Ako'y paroroon. Ang mga gawang Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo. Higit pa rito ang inyong gagawin, sapagkat Ako ay pupunta sa Aking Ama."

88 Subalit ikinokompromiso iyon ng sanlibutan, "Oh, ang mga iyon ay mga araw nang lumipas!" Sadyang ganoon ang gusto ng diablo na gawin ninyo. Gusto nila kayong puspusin ng alindog. Ang gusto ng Diyos ay mabautismuhan kayo. Gusto ng Diyos na kayo . . . Sasabihin ninyo, "Oh, hindi ako naniniwala sa lahat ng 'yan diyan na kung anu-anong pinaggagagawa." Magpatuloy lang kayo at mamuhay, magpatuloy lang kayo at mamuhay sa inyong kasalanan, mamuhay sa inyong kasalanan. Ngunit hanggang sa kayo ay mabulok na, hanggang sa mabulok na kayo sa inyong sariling mga kaisipan, hanggang sa mabulok na kayo sa inyong sariling mga usong porma, at mabagong muli at maipanganak na muli, at ang bagong Buhay na iyon ay maging lubusang iba na roon sa nabaon sa ilalim.

89 Ang isang butil ng mais ay bumababagsak na kulay dilaw, ito'y tutubo naman na kulay luntian. Bumababagsak na matigas, nababalutan, uusbong iyon na malambot at nauugoy ng hangin. Oh, luwalhati! Hallelujah! Kapag nagsimulang umihip ang hangin, walang magagawa ang butil kundi iugoy ang sarili nito, umiba ng direksiyon, ngunit ang munting—ang munting dahon ay pumapaling at nagagalak, lumalaki kung gayon, pinalalakas ang sarili nito. Hindi iyon kailanman magiging dahon hanggang

sa ang mais ay mamatay at mabulok. Hindi lamang mamatay; kundi mabulok. Hindi na makababalik pa, ngunit lalabas mula rito ang buhay.

90 Gaya ng sinabi ko kanina lamang, ang isang kapanganakan ay isang nakakadiring bagay, nakaririmarim, marumi, ang pinakamarumi sa mga dumi, ngunit naroroon ang buhay. Kapag ibinilang ninyo ang inyong sarili na marumi, ibinilang ang inyong Methodist, Baptist at Pentecostal na mga kredo na marurumi, at talagang mamatay roon sa may altar, kung gayon ay papasok ang bagong Buhay. Itataas kayo riyan ng Espiritu Santo; makikita ninyo ang Diyos.

91 Makikita natin Siya sa isang maluwalhating araw. Balang araw sa dakong hindi na abot ng mortal na kaunawaan, ay makikita natin Siya. Naniniwala ba kayo roon? Balang araw sa dakong hindi na abot ng mortal na kaunawaan, naghihintay sa akin doon ang isang masayang bukas.

92 Nakatayo ako rito sa sulok kagabi, at akala ko ay nakita ko ang munting si Rabbi Lawson. Nang darati-rati'y pumaparito siya, at inaabot ako ng kanyang lumang baston at hinihila ako sa kanyang leeg, sa may leeg ko ng kanyang baston, papunta rito sa may pulpito, at inaawit ang awit na iyon, "May naghihintay sa akin na isang . . . " [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . ? . . .

93 May bagay na nangyari! Inalis nito ang sanlibutan. Nagsimulang mag-iba ang pananaw ko sa mga bagay-bagay. Nag-aalala ako nang labis tungkol sa gawi na ginagawa nitong mga mamamayang Amerikano, palagi, taun-taon, nakikita ang kababaihan at ang kalalakihan kung paanong niwawalan nila ng dangal ang kanilang mga sarili at pumaparoon sa kasalanan, hanggang sa halos magkasakit ako, nang dalawa o tatlong beses, sa pag-aalala dahil dito. Kahapon, sinabi ko sa Diyos, "Hindi na po ako mag-aalala pa. Sinabi ng Iyong Salita na magkakagayon nga. Ngunit tatayo ako sa pagitan at sisigaw laban dito, nang buong nasa loob ko."

94 Noong isang araw, habang nakatayo ako roon sa may Green's Mill, sa yungib ko, doon sa malayong kagubatan, na buong araw nang nananalangin. At bandang alas-tres, palubog na ang araw, at nakatayo ako roon na nakatingin sa kabilang ibayo, lumabas sa yungib, tumuntong sa ibabaw ng isang malaking bato. At ako ay nakatayo noon doon, nakatingin sa dakong Silangan, pinupuri ang Panginoon. At nakikita ko ang araw na papalubog sa likuran ng mga punongkahoy sa itaas ng bundok, habang nakatanaw ako sa tabi-tabing mga bangin hanggang doon sa iba pa, at maraming mayayabong na dahon doon, talagang napakatahimik. At sinabi ko, "Panginoon, isang araw ay ikinubli Mo si Moises sa bitak ng malaking bato, at dumaan Ka sa tabi niya, dahil siya ay nanlulupaypay na noon. Ngunit Ikaw ay dumaan, sinabi niya na ito ay 'para bang likod ng isang

tao.'" Sinabi ko, "Ikubli Mo po ako sa bitak, Panginoon." Nang mga sandaling iyon, doon sa isang tabi ko, may dumating na isang munting Hangin na kumikilos doon sa mga palumpong. Patuloy Iyon na kumilos, pumunta mismo sa may tabi ko, isang munting Hangin na kumikilos pababa, pumaroon sa mga kakahuyan. Tumayo ako roon.

Some day, God only knows just where or when,
The wheels of mortal life will all stand still,
Then I shall go to dwell on Zion's hill.

Some day beyond the reach of mortal ken,
Some day, God only knows just where or when,

Ano'ng mangyayari? Siya'y magtatapos na, lahat ng maliliit na gulong na ito na umiikot.

The wheels of mortal life shall all stand still,
Then we shall go to dwell on Zion's hill.

Swing low, sweet chariot,
Coming for to carry me Home;
Swing low, sweet chariot,
Coming for to carry me Home.

If you get there before I do,
Coming for to carry me Home;
Tell Brother Bosworth, and all my friends, too,
Just coming for to carry me Home.

Now swing low . . . (Siya'y bababa balang araw at kukunin ako.) . . . char- . . .
(Ang bawat punongkahoy ay magliliyab; ang mga Anghel ng Diyos, ang nag-aapoy na karwahe) . . . for to carry me Home;
Swing low, sweet chariot,
Coming for to carry me Home.

95 Isa sa mga araw na ito, isa sa mga araw na ito sa mga mababang yugto ng mga oras ng kamatayan ko, maghihintay ako sa pagparito Niya. Siyanga.

I looked over Jordan and what did I see
Coming for to carry me Home; (katulad ng matandang Elias na nakatingin doon sa Jordan)
A band of bright Angels coming after me,
They were coming for to carry me Home.

Swing low, get down low, sweet chariot,
Coming for to carry me Home;
Swing low, sweet chariot,
Coming for to carry me Home.

96 Ang Panginoong Jesus, ang mapagpalang Kutsero ng karwaheng ito, ang Piloto doon sa lumang barko ng Sion, ang bangka ng Buhay, na bumababa sa buong gusali, nangungusap,

ang Kanyang Presensiya ay naririto. Ang mismong Espiritu Santo na nagbangon sa Kanya mula sa libingan ay naririto.

97 Yamang hindi sila namigay ng mga prayer card, mayroon ba rito na nagmula sa ibang bayan, na hindi ko kilala, na naririto para maipanalangin? Itaas ang inyong mga kamay, 'yung hindi ko kilala. Itaas ang inyong mga kamay, ang mga hindi ko kilala. Ikaw, ikaw riyan. Palagay ko 'yung maliit na lalaki na may bigote diyan sa gawing likuran, may nagtaas ng kanilang kamay diyan sa likuran banda diyan. Oo, ikaw, itinaas mo ba ang kamay mo? Sige. Sa gawi riyan, ikaw, ginoo. Sige. Kayo bang lahat ay mga baguhan sa akin? Ang Panginoong Jesus na iyon, ang siya ring Pastol ng kawan dito, nananampalataya ba kayo na ang Kanyang mga pangako ay totoo? Na pinapahiran Niya ang Kanyang iglesya, at "Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin n'yo, rin naman. Higit pa kaysa rito ang gagawin ninyo, sapagkat pupunta Ako sa Aking Ama. Higit pa kaysa rito!" Sumasampalataya ba kayo roon?

98 Itinaas mo ba ang iyong kamay na hindi mo ako kilala? Naniniwala ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung ano ang nasa puso mo, magagawang makipag-usap sa akin katulad lamang ng ginawa Niya sa babae na humipo ng Kanyang damit? Nananampalataya ka ba na Siya ang Dakilang Saserdote na marunong makiramay sa ating mga kahinaan? Kung ipapahayag sa akin ng Diyos ang iyong mga kalagayan, maniniwala ka ba na ako ay propeta Niya, sasampalataya na ang Kanyang Presensya ay naririto at iyan ang dahilan kaya ipinapahintulot Niya ito? Ikaw ay nananalangin para sa iyong maybahay. Mayroon siyang nabaling balakang, nalinsad na balakang. Tama 'yon. Kung tama nga 'yon, tumayo ka. Sige, humayo ka na't datnan mo siya, na magaling na. Amen.

99 Ikaw naman diyan sa may likuran, 'yung maliit na lalaki na nagtaas, na may bigote? Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Nananampalataya ka ba na masasabi sa akin ng Diyos ang mga bumabagabag sa iyo? Nananampalataya ka ba na ang anak mong lalaki ay gagaling? Nananampalataya ka? May anak siya, mayroon itong serebral na paralisis. Tama 'yon. Hindi ka . . . Taga-Kentucky ito. Kung iyon ay tama, itaas mo ang iyong kamay. Hindi kita kilala, di ba? Kung kilala man kita . . . Itaas mo ang kamay mo nang *paganito,* hindi natin kilala ang isa't isa. Tama 'yon. Nagtitiwala sa Diyos. Sumasampalataya ka ba? Sa iyong pagsampalataya, datnan mo ang iyong anak sa paraan na sinampalatayanan mo. Ilagay mo lamang sa iyong puso.

100 Sino nga ba sa naririto ang nagtaas ng kanilang mga kamay, na hindi ko—hindi . . . Ikaw ba iyon? Sige, ginoo, naniniwala ka ba na ako ay propeta ng Diyos? [Sinasabi ng lalaki, "Amen."—Pat.] Naniniwala ka, nang buong puso mo? Hindi mo na kailangang lumapit pa, tumayo ka na lamang diyan mismo. Sige, ginoo, ang karamdaman mo, mayroon kang diyabetes. At

pinananakit nito ang iyong paa. Taga-Ohio ka. Ang pangalan mo ay G. Miller. Umuwi ka na at gumaling. Sige, manampalataya ka nang buong puso mo. Sige.

Sumampalataya kayo nang. . .? Sampalatayanan ninyo ito. Kung magagawa ninyong sumampalataya!

101 Ang babaeng nakaupo rito, itinaas mo ba ang kamay mo? Malaking babae, na nakasalamin, sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Sumasampalataya ka nang . . . Naniniwala ka ba na ako ay lingkod ng Diyos? Naniniwala ka? Sige, kung masasabi sa akin ng Diyos kung ano ang sakit mo, sasampalataya ka ba? Sakit sa puso. Sige, itaas ang kamay mo kung iyon ay tama. Sige.

102 Ang babae rito na kasunod mo, ay nagtaas. Puso; ngunit ang totoo ay ang iyong mga mata. Kilala ko siya. Sige, kung magagawa mong manampalataya!

103 Sa gawi roon, ang sumunod na lalaki sa gawi roon ay may sakit sa puso, rin, at isang sakit sa balat. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Sumasampalataya ka, ginoo?

104 May isang lalaki sa banda roon kung saan man, itinaas ang kanyang mga kamay na hindi . . . G. Schubert. Sige, ginoo. Mabuti, sumasampalataya ka ba? Iyon ay para sa iyong mga mata, rin, di ba? Nananalangin ka para sa iyong ina na nakaupo sa banda riyan, din. Kung iyon ay tama, itaas ang iyong kamay. Tayo'y hindi magkakilala. Tama ba? Magkamayan kayo, magkamayan kayo sa isa't isa. Sige, ganyan nga. Kung masasampalatayanan ninyo, ay matatanggap ninyo!

105 Ang nabuhay na si Jesus Cristo ay nasa loob ng gusali. Siya pa rin Iyon. Ano ang ginagawa Nito sa inyo? Hinayaan n'yo na ba ang sanlibutan na pigain ang lahat ng kalakasan mula sa inyo? Luwalhati! Gusto ko ng bagong kapanganakan! Gusto ko ng bagong Buhay! Wala akong pakialam kung sa anumang paraan Ito darating, kung kinakailangan kong maging isang holy roller, kung ano pa man. Wala akong pakialam kung sa anumang paraan Ito darating, gusto ko ang totoong Banal na Espiritu na tulad ng nasa akin ngayon. Gusto kong panatilihin Ito! Mas gugustuhin ko pa Ito kaysa sa lahat ng mga bagay ng sanlibutan. Amen! Sumasampalataya ba kayo? Sumasampalataya ba kayo na naririto Siya?

106 Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa, kung gayon. Sabihin sa akin ang isa pang bagay na maaari pa Niyang gawin. Wala na. Manampalataya kayo ngayon. Sampalatayanan na iyon ay tapos na.

107 Panginoong Diyos, Maylikha ng Kalangitan at ng lupa, May-Akda ng Buhay na Walang Hanggan, at Tagapagkaloob ng lahat ng mabubuting kaloob, ang Iyong Espiritu ay naririto na pumupuspos, Panginoon, para bang ang gusali ay humihinga, kumikilos nang pabalik-balik. Bakit hindi ito maunawaan ng mga tao, Panginoon? Sila ba'y—sila ba'y nakisama na sa

sanlibutan nang lubusan, at naging napakalamig at pormal at tumigas na, hanggang sa hindi Ka na nila makilala pa? Panginoong Diyos, antigin nawa ng Kapangyarihang ito ang bawat isa, at ang bawat taong may sakit ay gumaling, bawat makasalanan ay maligtas, at ang Diyos ay maluwalhati. Sa pamamagitan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay hinihiling ko ito. Amen.

108 Sumasampalataya ba kayo rito? Itaas ang inyong mga kamay. Tinatanggap ba ninyo ang inyong kagalingan? Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon ay humayo na't datnan iyon na sadyang sa paraan na inyong sinampalatayanan, magiging gayon nga iyon. Nakikita kong may mga lumilitaw na mga pangitain sa iba. Siyanga. Kailangan ko pang bumalik mamayang gabi.

109 Kung hindi kayo sumasampalataya ngayon, hindi na kayo sasampalataya pa kahit kailan. Tama 'yon. Ginawa iyon minsan ni Jesus, at sinabi nila, "Ikaw ay. . . Nalalaman naming kapag pumarito ang Mesiyas, ay sasabihin Niya sa amin ito." Sinabi ng babae, "Nalalaman ko na gagawin iyon ng Mesiyas. Subalit Sino Ka?"

Sinabi Niya, "Ako ay Siya nga."

110 Saka siya pumaroon sa bayan at sinabi, "Halikayo, tingnan ninyo ang isang Lalaki Na nakakaalam kung ano ako noon at kung ano ang ginawa ko. Hindi ba't ito ang Mesiyas?"

111 Sinabi Niya, "Ang mga bagay na ito ay mangyayari muli sa huling mga araw. Ipapangaral ng Iglesya ang Katotohanan, Ito'y maninindigan sa Salita. Gagawin Nito ang lahat ng mga Utos ng Diyos. Hindi Ito makikisama sa sanlibutan. At sa pamamagitan niyon ay kikilos Ako at gagawin ang gayon ding mga bagay."

112 Ngunit sinabi Niya, "Sila'y magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos, mga walang paglulubag, mga palabintangin, na may anyo ng kabanalan," napakarelihiyoso, nagsisipagsimba. "Na may anyo ng kabanalan, datapuwat tinatanggihan ang Kapangyarihan nito. Lumayo ka rin naman sa mga ito!"

113 Kayong mga tao, saan man kayo naroon sa loob ng iglesya, na tinawag Niya ngayun-ngayon lang, umalis na ang pangitain sa akin. Kung—kung iyon ay katotohanan, ang sinabi ko, at ako na hindi nalalaman iyon sa inyo, itaas ang inyong mga kamay, kung sino man iyon. Sa buong iglesya, bawat—lahat ng tao. Buweno. Kita n'yo? Hindi ko sila kilala, hindi ko pa sila kailanman nakita; subalit naririto ang Espiritu Santo at kilala Niya sila. Hindi ba ninyo nakikita na hindi ako iyon?

114 Makinig kayo! Kung ipagkakatiwala Niya sa akin iyon, pagkakatiwalaan Niya ako sa Katotohanan ng Salita, dahil ang Katotohanan ay magmumula lamang sa Salita. "Mangagsisi, ang bawat isa, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang

kaloob ng Banal na Espiritu, sapagkat ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak, sa kanila na nangasa malayo, at sa lahat ng tatawagin ng Panginoon nating Diyos." Sinasampalatayanan ba ninyo ito? Magkakaroon ng gawaing pagbabautismo maya-maya lamang.

115 Yumuko tayo. Hihilingin ko sa pastor na manalangin habang naghahanda sila para sa pagbabautismo. Palagay ko may isang gawaing pagbabautismo na susunod. Sige.

*Ang Iglesya At Ang Kalagayan Nito*
(*The Church And Its Condition*)
Agosto 5, 1956, Linggo Ng Umaga

*Makipot Ang Pintuan*
(*Strait Is The Gate*)
Marso 1, 1959, Linggo Ng Umaga

*Isang Iglesyang Nadaya Ng Sanlibutan*
(*A Deceived Church, By The World*)
Hunyo 28, 1959, Linggo Ng Umaga

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org